

**TIMELINE O ISKEDYUL NG MGA GAWAIN NG ELAC 2017-2018****Para sa lahat ng pulong ng Tagapayong Komite ng mga Mag-aaral ng Ingles (English Learner Advisory Committee, ELAC)**

- Gumawa ng agenda (listahan ng mga pag-uusapan) kasama ang Chairperson ng ELAC o ang pamunuan ng ELAC
- Maghanda ng mga flyer na may agenda para sa miting at ipaskil ito nang 72 oras bago ang miting
- KAILANGANG panatilihin maayos ang ELAC binder sa pampublikong lugar nang mayroon itong listahan ng mga inihalal na miyembro ng ELAC, kalendaryo ng mga miting, mga regulasyon at dokumento mula sa mga pulong, tulad ng nakapaskil na agenda o usapin, materyales sa pagsasanay, minutes o tala mula sa pulong, at papel para sa pag-sa-sign in.

**Mahigpit na inirerekomenda ang buwanang pagpupulong ng ELAC at nang magkaroon ito ng panahon na talakayin, gawan ng ebalwasyon, at ipaglaban ang pagpapahusay ng mga serbisyo para sa mga Mag-aaral ng Ingles (English Learners), tumulong sa pagbuo ng Balanseng Pagtatala ng mga Marka (Balanced Score Card) /Iisang Plano para sa Tagumpay ng Mag-aaral (Single Plan for Student Achievement) kasama na ang rekomendasyon sa badyet, at upang makagawa ng istruktura para sa komunikasyon. Kailangang magkaroon ng hindi bababa sa apat na pulong ang ELAC para matalakay ang mga sumusunod na gawain.**

|  |  |
|--|--|
| <p>Sa mga buwan ng:</p> <p>Agosto at Setyembre</p> | <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> <b>Miting ng ELAC:</b> Maghanda para sa pagsasagawa ng eleksiyon, bigyan ng awtorisasyon ang roster o listahan ng mga halal na opisyal sa fall (taglagas), kumpirmahin ang kinatawan sa DELAC, at mag-iskedyul ng mga petsa at gawaing dapat matapos sa akademikong taon</li> <li><input type="checkbox"/> <b>Ihanay ang mga gawain</b> na tatalakayin sa miting at magbigay ng payo sa Konseho ng Paaralan (School Site Council, SSC) ukol sa mga sumusunod na paksa: <ul style="list-style-type: none"> <li><b>Task 1.</b> <ul style="list-style-type: none"> <li><b>A)</b> Balanseng Pagtatala ng mga Marka/Iisang Plano para sa Tagumpay ng Mag-aaral (Balanced Score Card/Single Plan for Student Achievement, BSC/SPSA) at mga badyet, kasama na ang badyet para sa Karagdagan at Nakatuong Tulong-Pinansiyal—Mga Mag-aaral ng Ingles (Supplemental Concentration Grant-English Learners, SCG-EL).</li> <li><b>B)</b> Pagpapatupad ng Mga Batayang Pamantayan ng Estado na Para sa Lahat (Common Core State Standards) at kahusayan sa batayang kurikulum para sa lahat ng estudyante</li> </ul> </li> <li><b>Task 2.</b> Ipagbigay-alam sa mga pamilya ang kahalagahan ng regular na pagpasok sa klase</li> </ul> </li> <li><input type="checkbox"/> <b>Miting sa Setyembre ng ELAC:</b> GAWAIN #1 Repasuhin ang BSC/SPSA Pagrerepaso sa Gitna ng Plano o Mid Plan Review at ADDENDUM O KARAGDAGANG BAHAGI (Mga Seksiyon II at III) at ang pinal na alokasyon sa badyet para sa 2017-18 (Seksiyon IV), maghanda ng rekomendasyon para sa paggamit ng mga pondo ng SCG-EL, isumite ito sa SSC <b>bago</b> ang opisyal na pag-apruba at ang petsa ng pagsusumite sa distrito sa (TBD o aalamin pa)</li> <li><input type="checkbox"/> * Pangkalahatang Asembleya ng DELAC, Setyembre 20, 2017 (5:30-7:30pm) – Ipadala ang inyong kinatawan sa DELAC</li> </ul> |
| <p>Oktubre at Nobyembre</p>                        | <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> <b>Miting sa Oktubre ng ELAC: PETA:</b> _____ Gawain # _____ o Paksa _____</li> <li><input type="checkbox"/> <b>Miting sa Nobyembre ng ELAC: PETA:</b> _____ Gawain # _____ o Paksa _____</li> <li><input type="checkbox"/> * Pangkalahatang Asembleya ng DELAC, Nobyembre 20, 2017 (5:30-7:30pm) ➤ ✗ Eleksiyon para sa bagong Lupon (Board) ng DELAC</li> </ul>   |
| <p>Disyembre at Enero</p>                          | <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> <b>Miting sa Disyembre ng ELAC: PETA:</b> _____ Gawain # _____ o Paksa _____</li> <li><input type="checkbox"/> <b>Miting sa Enero ng ELAC: PETA:</b> _____ Gawain # _____ o Paksa _____</li> <li><input type="checkbox"/> * Pangkalahatang Asembleya ng DELAC, Enero 17, 2017 (5:30-7:30pm)</li> </ul>   |
| <p>Pebrero at Marso</p>                            | <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> <b>Miting sa Pebrero ng ELAC: PETA:</b> _____ Gawain #1 Repasuhin ang alokasyon sa badyet para sa 2015-16 [MB1](Seksiyon IV), maghanda ng rekomendasyon para sa SSC at isumite bago aprubahan ng SSC ang plano para sa susunod na taon</li> <li><input type="checkbox"/> * Pangkalahatang Asembleya ng DELAC, Marso 21, 2017 (5:30-7:30pm)</li> <li><input type="checkbox"/> <b>Miting sa Marso ng ELAC: PETA:</b> _____ Gawain # _____ o Paksa _____</li> </ul>   |
| <p>Abril</p>                                       | <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> <b>Miting sa Abril ng ELAC: PETA:</b> _____ Gawain # _____ o Paksa _____</li> </ul>  |
| <p>Mayo</p>  | <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> <b>Miting sa Mayo ng ELAC: PETA:</b> _____ Gawain # _____ o Paksa _____</li> <li><input type="checkbox"/> * Pangkalahatang Asembleya ng DELAC, Mayo 16, 2017 (5:30-7:30pm)</li> </ul>  |

**\* Pangkalahatang Asembleya ng Tagapayong Komite ng mga Mag-aaral ng Ingles ng Distrito (District English Learner Advisory Committee, DELAC)**

**Aalamin pa ang Lugar**  
**KARAGDAGANG IMPORMASYON**

**Paghandaan at isagawa ang mga eleksiyon upang mabigyan ng awtorisasyon ang listahan ng mga inihalal sa ELAC sa fall.**

- Ipaskil ang abiso at imbitahin ang mga magulang ng EL sa mga miting na nagbibigay ng impormasyon ukol sa ELAC.
- Ipadala ang sulat tungkol sa eleksiyon/nominasyon para sa ELAC.
- Ihanda ang mga balota para sa ELAC at ipamahagi ang balota sa mga magulang ng EL.
- Ihayag ang mga resulta ng eleksiyon, halimbawa sa newsletter ng paaralan, school loob, bulletin board, at pagtitipon ng paaralan.
- Bigyan ng pagsasanay ang mga bagong opisyal sa kani-kanilang gawain at responsibilidad at maghalal ng kinatawan para sa DELAC. Kailangang idisenyo ang pagsasanay nang may lubusang konsultasyon sa mga miyembro ng ELAC.
- Matatagpuan ang mga materyales para sa pagsasanay ng miyembro sa website ng SFUSD <http://www.sfusd.edu/en/councils-committees/english-learner-advisory-committee.html>
- Ipinagkakaloob ng \*DELAC sa Oktubre 25, 2017 ang pagsasanay para sa bagong miyembro ng ELAC (TBD o aalamin pa)

**Dapat itago ang mga kailangang dokumento sa binder ng ELAC, na matatagpuan sa pampublikong lugar**

- Kalendaryo ng mga miting ng ELAC, mga abiso, nakapaskil na agenda o usapin, minutes o tala mula sa pulong, at papel para sa pag-sa-sign in.
- Mga rekomendasyon ng ELAC
- Listahan ng mga miyembro ng ELAC kung saan nakatukoy kung sino-sino ang mga magulang ng EL at nakarekord din ang petsa ng pagkakahalal
- Lahat ng materyales sa pagsasanay

**Mga iminumungkahing paksa na dapat talakayin sa mga pulong ng ELAC o sa mga pagtitipon na itinataguyod ng ELAC**

- Pagtalakay sa Batas Lau Tungkol sa Binagong Pagpapahintulot (Lau Modified Consent Decree) at/o Gabay sa Programa ng EL.
- Paglalahad ng datos ng mga Mag-aaral ng Ingles ukol sa natamo sa larangang akademiko at tagumpay ng estudyante. Paano umuunlad ang mga Mag-aaral ng Ingles sa inyong eskuwelahan?
- Ano ang plano ng paaralan para sa Pagpapaunlad ng Wikang Ingles (English Language Development)? Umaangat ba nang isang level o antas kada taon ang mga marka sa eksamen sa CELDT ng estudyante? Paano nabibigyan ng suporta ang mga estudyante?
- Ano ang mga pakinabang sa pagiging biligual (nakapagsasalita ng dalawang wika)? Paano makatutulong ang paaalan, tahanan at komunidad sa pagpapaunlad sa Ingles at sa wika sa tahanan?

**Upang matiyak na malay ang mga pamilya ng EL sa makukuhang serbisyo sa wika, pakitandaang -**

- Magpaskil ng Abiso para sa Libreng mga Serbisyo sa Pagsasalin at Interpretasyon (Notice of Free Translation and Interpretation Services) sa punong tanggapan (main office) o sa board na para sa mga magulang.
- Tiyakin na madaling makakuha ang mga magulang sa punong tanggapan ng Forms para sa Kahilingan para sa Tulong sa Pangunahing Wika (Primary Language Assistance Request Forms) at Forms para sa Pagreklamo (Complaint Forms) na nasa mga pangunahing wika ng EL.
- Ipaskil sa punong tanggapan ang listahan ng mga kawaning bilingual, at puwedeng makatulong sa mga pamilya ng EL.
- Magtalaga ng kawani upang tumulong sa ELAC ng paaralan.

**Outreach o Pag-abot sa mas Maraming Magulang at mga Inaasahang Pakikisangkot sa Mga Patakarang sa Paggawa ng mga Obserbasyon Ayon sa Batas Lau (Lau Observation Protocol):**

“Makabuluhang nakikilahok ang mga pamilya ng Mag-aaral ng Ingles sa paaralan, nang gamit ang kanilang wika sa tahanan, at aktibo sila sa kanilang partisipasyon sa edukasyon ng kanilang anak. Pinahalalagahan, iginagalang, at sinusupportahan ng lahat ng estudyante at kanilang pamilya, kawani ng paaralan, at katuwang na organisasyon ang pagkakaiba-iba sa wika at kultura ng kanilang pampaaralang komunidad. Nakikipagtrabaho nang may kolaborasyon ang paaralan sa nagtatrabahong ELAC, at nang makatulong sa pagpapahusay ng mga programa para sa mga Mag-aaral ng Ingles (English Learners).

**Pangkat ng Tagapayong Komite ng mga Mag-aaral ng Ingles ng Distrito (District English Learner Advisory Committee, DELAC)**

**Danielle Uttley- Family Education Integration Specialist (Especyalista para sa Pagsasama ng Pamilya sa Edukasyon) – DELAC Liaison (Tagapag-ugnay)- (415)379-7640 [uttleyd@sfusd.edu](mailto:uttleyd@sfusd.edu)**

**Maggie Zhou- Chinese Family Education Specialist (Especyalista para sa mga Pamilyang Tsino at Edukasyon)– DELAC Liaison (Tagapag-ugnay)- (415)379-7706 [zhoum@sfud.edu](mailto:zhoum@sfud.edu)**